



### Ang Pangunahing Serye ay Pfizer o Moderna

Ang karagdagang (ika-3) dosis ng mRNA na bakuna ay inirerekomenda para sa mga taong may banayad o malubhang huminang mga sistema ng imyunidad.

Inirerekomenda ng CDC na ang mga taong may banayad hanggang sa malubhang mahinang imyunidad na ang pangunahing serye ay Pfizer o Moderna ay tumanggap ng ika-3 dosis. Kinabibilangan ito ng mga taong:

- Tumatanggap ng aktibong paggamot sa kanser para sa bukol (tumor) o kanser sa dugo
- Tumanggap ng paglipat ng bahagi ng katawan (organ transplant) at umiinom ng gamot upang pigilin ang sistema ng imyunidad
- Tumanggap ng paglipat ng stem cell sa loob ng 2 taon o umiinom ng gamot upang pigilin ang sistema ng imyunidad
- Banayad o malubhang pangunahing mahinang imyunidad (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- Malala o hindi pa nagamot na impeksyon ng HIV
- Aktibong paggamot gamit ang matataas na dosis ng corticosteroids o iba pang mga gamot na maaaring pigilan ang pagtugon ng imyunidad


Ang ika-3 dosis na ito ay dapat na kapareho ng iyong pangunahing serye ng COVID-19. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pangangailangan na makakuha ng karagdagang dosis ng bakuna sa COVID-19 at tungkol sa pinakamagandang panahon batay sa iyong kasalukuyang plano ng paggamot. Ito ay lalong mahalaga kung ikaw ay halos magsisimula o muling magsisimula sa paggamot ng nagpapahina sa imyunidad.

**Maaaring ikonsidera ang pampalakas (booster) na dosis** sa hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos na matanggap ang karagdagang (ika-3) dosis at anumang bakuna sa COVID-19.

#### Pfizer – Karagdagang dosis ay dapat na Pfizer



#### Moderna – Karagdagang dosis ay dapat na Moderna



### Pangunahing Serye ay Johnson & Johnson (J&J)

Inirerekomenda ng CDC na ang mga tao na may banayad hanggang malubhang mahinang imyunidad na ang pangunahing serye ay J&J ay tumanggap ng pampalakas (booster) na dosis. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pinakamagandang panahon batay sa iyong kasalukuyang plano ng paggamot. Ito ay lalong mahalaga kung ikaw ay halos magsisimula o muling magsisimula sa paggamot ng nagpapahina sa imyunidad.

